# DESKRIPSYON NG TRABAHO NG MGA UTILITY WORKERS

*Isinulat ni: Rodger D. Galicia*

Tunay ngang hindi matatawaran ang serbisyo ng mga "*utility workers*" sa paaralan lalo na ngayong panahon ng pandemya. Kaakibat nito ay ang responsibilidad na ginagampanan nila para mapanatili ang kaayusan at kalinisan sa loob at labas ng paaralan ngunit ano nga ba talaga ang deskripsyon ng kanilang trabaho? Hanggang saan lang ba ang hangganan ng kanilang gawain?

Iba't ibang uri ng gawain ang pumupuno sa kanilang iskedyul sa araw-araw na pagpasok sa paaralan. Ang pangunahing kailangang sundin ay ang pagsunod sa mga tagubilin mula sa Punong-guro na kung iisipin ay naisasama rin ang mga maliliit na utos mula sa mga guro, ang ikalawa naman ay pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagwawalis at pagtatapon ng mga basura, hindi rin mawawala ang pagkukumpuni ng mga sirang kagamitan kasama na ang mga sirang upuan, mesa, electric fan at kung ano-ano pa, pati ang paghahalaman ay kanila ring pinagkaka-abalahan kabilang na ang pagtatanim, pagdidilig at pag-aalis ng damo, isa pang dagdag sa gawain ay ang pagpapalit ng mga sirang bumbilya at saksakan, at dala ng bagong normal sa edukasyon ay nakadagdag rin sa kanilang gawain ang pag-didisinfect ng mga klasrum at hallway. Ilan lamang ang mga ito sa mga gawain na kinakaharap nila sa maghapon. Hindi maitatanggi na halos lahat ng uri ng gawain ay kanila ng ginagampanan na kahit hirap ay walang bakas ng pagrereklamo ang makikita sa kanilang mukha. Ayon sa Region X- Press Release ng artikulo mula sa DepEd: Edukasyon ang susi sa maayos na buhay(2016), "Nasa edukasyon ang susi sa komportableng buhay" kaya naman walang pag-aalinlangang tinatanggap ng mga utility workers ang mga gawaing ito upang makatulong sa pagtaguyod ng kanilang pamilya. At ayon din sa NEDA, ang mithiing ito ang dahilan kung bakit nagsisikap ang pamilyang Pilipino na makapagpatapos ng mga anak na makapagbibigay sa kanila ng maayos na trabaho. Ngunit kung iisipin nating mabuti sapat ba ang perang kinikita nila sa maghapong pagbabanat ng buto sa dami ng tungkulin na kailangang gawin?

Bilang isa sa mga utility workers ay maaari na kaming bansagang "Jack of All Trades" sa dami ng trabahong inaatang sa amin. Hindi biro na lumilipas ang maghapon ay bilang lang sa kamay namin ang pag-upo at pagpapahinga. Kung tutuusin may mga gawain na hindi naman kabilang sa deskripsyon ng aming trabaho ang nagagawa namin dahil kailangan naming sumunod sa nakatataas at wala na ring ibang opsyon dala na rin ng pangangailangan. Ngunit para sa akin, magandang mabigyang linaw kung ano nga ba talaga ang mga dapat at hindi dapat naming gawin bilang isang *utility worker*. Mga gawain na sakop lamang ng aming trabaho na sasapat sa sahod namin.



depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan